Official Newsletter of the Municipality of Bayambang, January 2023 Issue, Vol.7 No.1

BAYAN NG BAYAMBANG · LALAWIGAN NG PANGASINAN · 1614

# Balon Bayambang

"Mankakasakey para ed Inawa'y Baley"

GUINNESS WORLD RECORDS
RECORD HOLDER
The Tallest Bamboo Sculpture (Supported) 50.23M
April 5, 2019
St. Vincent Ferrer Prayer Park
Brgy. Bani, Bayambang
Pangasinan, Philippines
THE LONGEST BARBECUE
Bayambang, Pangasinan, Philippines
April 4, 2014

## "The biggest OR in Pangasinan's district hospitals"



## BDH's New Operating Room, Renovated and Expanded

**On January 22, former Mayor Cezar T. Quiambao, together with Governor Ramon Guico III, attended the ribbon-cutting ceremony for the newly expanded and renovated operating room (OR) of the Bayambang District Hospital (BDH) in Brgy. Bical Norte.Among those present were the new BDH Chief, Dr. Athena Marie C. Merrera, the head of Provincial Hospital Management, Dr. Dalvie Casilag, Bayambang Municipal Health Officer, Dr. Paz F. Vallo, and Rural Health Physician, Dr. Roland M. Agbuya.** *(sundan sa pahina 14)*

### Mga Nilalaman :



- Imahe ng Poong Nazareno, Bumisita sa SVF Prayer Park......p4
- Nursing Students at RHU Staff, Umattend ng Libreng CME Seminar...p7
- JKQ Hospital Update.........................p 8
- Sabayang Pagtanim ng Gulayan, Isinagawa sa 77 Barangays.................p10
- Kaibigan ng BPSO, Nagpamahagi ng Medical Items for First Aid.......p14

## KALUSUGAN PARA SA LAHAT
## 5,733 Pasyente, Tumanggap ng Free Medical Services Worth P11.4M



**Ayon sa tala ng Municipal Health Officer, mayroong 5,733 na Bayambangueño at Pangasinense ang nakinabang sa iba't-ibang libreng serbisyong medikal na nagkakahalaga ng humigit-kumulang P11,386,870.40, sa Medical Mission na ginanap noong January 23-27.**

Narito ang breakdown of services: Major Surgery: 61, Minor Surgery: 194,

Dental Services: 1,461, Optical Services: 1,085, Consultation Services: 2,932

TOTAL: 5,733 patients

Estimated cost of services rendered: P11,386,879.40 *(sundan sa pahina 14)*

Editorial

# Bunga ng Pagkakaisa




**"Para umunlad ang isang bayan, hindi lang disiplina ang kailangan. Ang taumbayan ay dapat ding magkaroon ng respeto sa otoridad, maging masunurin, at makiisa sa mga magagandang proyekto at programa." Ito ang mga katagang sinambit ng dating hepe ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na si Mel Senen Sarmiento nang bumisita sa bayan ng Bayambang noong ika-10 ng Oktubre taong 2022.**

Isang makabuluhang komento ang sinambit niyang ito dahil ito ay makatotohanan at, kung tutuusin, ay common sense. Halimbawa, kung hindi iisa ang isipan at damdamin ng Executive branch at Legislative branch (Sangguniang Bayan) ng Bayambang, walang maisasakatuparang development projects ang lokal na pamahalaan.

Kung ang pakay din lamang ng lahat ay kabutihan, lalo na ang agarang pag-unlad ng bayan sa lahat ng aspeto, ang kawalan ng pagkakaisa sa lahat ng lebel (national, regional, provincial, at municipal, at barangay) ay isang malaking sagabal. Kaya naman nakaka- lungkot na makita kung sakaling hindi lubusang makapasok ang isang proyekto ng gobyerno sa isang lugar nang dahil lamang sa pulitika, nang "dahil kalaban iyan (sa pulitika)." Ubod na nakakadismaya na masaksihan ang ganitong mga pangyayari.

Kaya't nakagagalak dahil sa kauna-unahang pagkakataon mula July 30, 2016, nagkaroon ng pagkakaisa ang gobyernong lokal at probinsyal. At isa sa mga naging bunga nito ay ang pagsasaayos sa Bayambang District Hospital, na hawak ng provincial government, sa tulong ng First Couple, former Mayor Cezar T. Quiambao at Mayor Niña Jose-Quiambao. Dahil sa pagkakaisang iyan, nagkaroon ang BDH ng isang bagong Operating Room na siyang pinakamalaki at pinaka-equipped ngayon sa lahat ng district hospitals ng ating probinsiya.

Nakapapanabik na malaman kung ano pa ang posibleng mangyari dahil sa bagong ipinamamalas na pagkakaisang ito sa pagitan ng dalawang kampo.

Huwag nawa tayong maging balakid o hadlang sa mga ito, dahil ang tunay na makabayan ay may malasakit para sa ikabubuti ng nakararami anuman ang partido ng pamunuan. Tayong lahat ay magkakaisang susuporta rito, alang-alang sa mabuting pagbabago, 'yung magbibigay ng matatamis na bunga ng pag-unlad, 'di lang para sa ilan kundi para sa lahat.

Good Governance

# LGU-Alaminos City, Nagbenchmarking sa BPC

**Noong January 13, dumating sa Bayambang ang LGU officials ng Alaminos City, Pangasinan, upang magbenchmarking sa Bayambang Polytechnic College. Ayon sa ulat, balak ding magpatayo ng naturang LGU ng kanilang sariling kolehiyo upang makapagbigay din ng oportunidad sa kanilang mga kabataan na makapag-aral.**

Pinangunahan ang delegasyon ni Alaminos City Councilor Michelle Segundera kasama sina City Administrator, Atty. Walter Macaiba; Department Head, HRM Officer, Dr. Emielou E. Gellado; Budget Officer Rowena Ruiz; GSO, Engr. Bonifacio Martinez, Jr.; Accountant Emelyn Acosta; Planning and Development Coordinator, Engr. Eduardo Garcia; Engineer Roel Camba; Acting Treasurer Rolando Aglibot; Assistant Department Heads, Engr. Roland Ranches at Venus Balgua; at kanilang mga staff.




# Pinamalayan Mayor at Ibang Opisyales, Bumisita



**Noong January 13, dumating sa Bayambang ang alkalde ng Pinamalayan, Oriental Mindoro na si Mayor Aristeo Baldos, Jr. kasama ang iba pang matataas ng opisyales ng naturang bayan upang magbenchmarking sa Bayambang Polytechnic College at Bayambang ESWMO.**

Kasama ni Mayor Baldos sina Pinamalayan SB Members, Councilor Rio Mercene, Coun. Napoleon Mangaring, Coun. Dunhill Marcelo Delmo V, Coun. Angelo Marlo Madrid, Coun. Anjune Zamora, SK Federation President Joven Velasco, ang kanilang Municipal Administrator, MENRO, HRMO, Budget Officer, at MPDO.

Sila ay winelcome ni Mayor Niña Quiambao at iba pang opisyales ng bayan.


# "The Clash" Finalist, Inawitan si MNJQ

**Isang grand finalist sa singing contest sa GMA 7 na "The Clash (Season 3)" ang naghandog ng awit kay Mayor Niña Jose-Quiambao at sa mga Bayambangueño sa dulo ng Monday flag-raising ceremony noong January 30 sa Balon Bayambang Events Center. Siya ay si Renz Robosa, na tubong San Carlos City, Pangasinan.**

Si Renz ay nagpakitang gilas sa angking galing sa pag-awit, sa kanyang pangmalakasang rendisyon ng tatlong kanta kabilang na ang "Araw-Gabi" ni Regine Velasquez na isa sa paborito ng alkade ngayon.



## Education, Tourism & Transport



NATIONAL LIBRARY OF THE PHILIPPINES
PUBLIC LIBRARIES DIVISION

*Congratulations!*
Monthly Report Completers C.Y. 2022

MUNICIPAL LIBRARY

Bayambang Municipal Library, Pangasinan
Bayog Municipal Library, Zamboanga del Sur
Binmaley Municipal Library, Pangasinan
Bolinao Municipal Library, Pangasinan
Bontoc Municipal Library, Mountain Province
Bugallon Municipal Library, Pangasinan
Bulusan Municipal Library, Sorsogon
Calasiao Municipal Library, Pangasinan
Caluag Municipal Library, Quezon
Camalig Municipal Library, Albay
Candelaria Municipal Library, Quezon
Capalonga Municipal Library, Camarines Norte
Claveria Municipal Library, Masbate
Daraga Municipal Library, Albay
Daram Municipal Library, Samar
Dolores Municipal Library, Eastern Samar
Floridablanca Municipal Library, Pampanga

# NLP: Municipal Library, Monthly Report Completer

**Ayon sa anunsyo ng National Library of the Philippines, kabilang ang Bayambang Municipal Library sa Monthly Report Completers for Calendar Year 2023. Congratulations kay Municipal Librarian Leonarda D. Allado at ang buong Bayambang Municipal Library staff!**



# Imahe ng Poong Nazareno, Bumisita sa SVF Prayer Park

**Ang bantog na imahe ng Poong Nazareno na nakabase sa Quiapo, Maynila, ay bumisita noong January 28 sa bayan ng Bayambang.**

Sa pag-aasiste ng LGU, ito ay sinalubong ng mga deboto magmula pagdating hanggang sa pagkakaluklok nito sa altar ng St. Vincent Ferrer Prayer Park Chapel sa Brgy. Bani.

Sa overnight vigil nito sa nasabing venue, dinagsa ang imahen ng mga namamanata masilayan lamang at makapanalangin ng taimtim sa mahal na poon na kilala sa buong bansa bilang isang mapapagmilagrong imahe.

# Hinaing ng Tricycle Drivers, Muling Dininig



**Noong January 18, dumalo sa isang pulong sina Mayor Niña Jose-Quiambao at Special Assistant to the Mayor, Dr. Cezar Quiambao, upang dinggin ang mga hinaing ng mga tricycle drivers ukol sa inilabas na official fare matrix sa ilalim ng Municipal Ordinance No. 8 s.2022. Ang pulong ay inorganisa ni SB Secretary Joel Camacho at ginanap sa Balon Bayambang Events Center.**

Ang hiling ng mga dumalong presidente at representante ng Tricycle Operators and Drivers Association (TODA) na naroon ay ang pagkakaroon ng 20 pesos minimum fare at maging epektibo lamang ang discount kung umabot na sa dalawa o higit pa ang pasahero. Bukod pa rito ay ang kanilang isyu tungkol sa mga kolorum na magpasahanggang-ngayon diumano ay kaagaw nila sa mga pasahero. Dahil dito, may ilan na sa mga drivers ang nagsumite ng kanilang petisyon.

Ayon sa alkalde, "Sa ngayon ay sundin muna ang batas at i-grant ang fare discount sa mga estudyante, senior citizens, at person with disabilities (PWDs), upang maiwasan ang karampatang penalty alinsunod sa naturang ordinansa."

Saad naman ni SATOM, muling bibigyan ng oportunidad ang mga drivers na magsagawa ng Petition for Amendments kung saan maaari nilang ilahad dito ang kanilang mga suhestiyon ukol sa fare matrix. Magkakaroong muli aniya ng public hearing kung saan hinikayat niya na dapat ay kumpleto ang bawat president at mga representante ng TODA.

Legislative Work

# Water Filling/Refilling Station Owners at Operators, Dumalo sa Public Hearing



**Noong ika-30 ng Enero, dumalo sa isang Public Hearing ang mga owner and operator ng water filling/refilling station upang malaman ang tamang proseso sa pamamalakad ng kani-kanilang negosyo. Ang hearing ay kaugnay ng isang proposed ordinance ukol sa regulasyon ng nasabing mga negosyo.**

Tinalakay ang iba't-ibang mga dokumento na dapat ay mayroon sila gaya ng Sanitary, Business, Building, at Mayor's Permit at iba pang dokumento. Ito ay magsisilbing patunay na sila ay lehitimo na makapag-operate ng kanilang negosyo at kung saan ang tubig na kanilang ipoprovide sa mga consumer ay walang maidudulot na masamang epekto sa kalusugan.

Ang pagdinig ay pinangunahan nina Sangguniang Bayan Committee Chairman on Infrastructure and Public Works Chairman, Coun. Gerardo DC. Flores, Committee on Commerce, Trade and Industry and Business Establishments Chairman, Coun. Jose S. Ramos, Committee on Rules, Laws and Ordinances Chairman, Coun. Amory M. Junio, Committee on Health and Sanitation Chairman, Coun. Levinson Nessus M. Uy, at Committee on Small Medium Enterprise Chairman, Coun. Martin E. Terrado II.

Naging resource persons ang mga Sanitary Inspector mula RHU I, II and III na sina Jonathan Florentino (RHU I), Henry Austria (RHU II) at Christian Aquino (RHU III). Dumalo rin si Catalino Santiago ng Hydro-Lab Quezon City, Mila R. Siazon ng Pangasinan Safe Water Laboratory at Virgilio De Vera, Presidente ng Water Refilling Station. Naroon din si Romeo Quinto bilang representative ng BPLO at Atty. Melinda Rose Fernandez bilang representative ng Municipal Legal Officer.

Ang pagdinig ay inorganisa ni SB Secretary Joel Camacho.

Sa huli, inanunsyo ng RHU na magkakaroon ng training ang mga owners and operators patungkol sa kanilang operasyon.

# Public Hearing, Ginanap para sa Updated Revenue Code at Market Code



**Sa pagtatapos ng buwan ng Enero 2023, isang Public Hearing ang muling isinagawa ng Sangguniang Bayan (SB) upang pag-usapan ang mga sumusunod:**

Proposed Tax Ordinance No. 23-001, "An Ordinance Enacting the Revised Revenue Code of the Municipality of Bayambang, Pangasinan," at

- Proposed Tax Ordinance No. 23-002, "An Ordinance Enacting the Revised Local Economic Enterprise Code of the Municipality of Bayambang, Pangasinan."

Sa pagdinig ay tinalakay ang pag-update ng ordinansa sa mga polisya patungkol sa operasyon ng Bayambang Public Market, Bayambang Central Terminal, Municipal Slaughterhouse, Public Cemetery. Binigyang diin sa usapin ang pagpapaliwanag kung bakit kailangang ayusin ang Economic Enterprise Code at pagbabayad ng mga market operational fees.

Pinangunahan ang pampublikong pagdinig ni Vice-Mayor Ian Camille Sabangan at ng SB Committee Chairman on Ways and Means, Konsehal Amory Junio, Committee Chairman on Finance, Budget and Appropriations, Konsehal Philip Dumalanta, at Committee Chairman on Small and Medium Enterprises, Konsehal Martin Terrado II noong January 31 sa Events Center. Naroon din sina Social Economic Enterprise Head Joseph Anthony F. Quinto, OIC Market Supervisor, Atty. Melinda Rose Fernandez, at si Municipal Treasurer Luisita Danan para tumulong magpaliwanag ukol sa mga nakasaad sa mga probisyon ng panukalang ordinansa.

Nabanggit din ang nalalapit na pagbubukas ng isang Night Market sa Bayambang.

Ang public hearing ay inorganisa ni SB Secretary Joel Camacho, at ito ay dinaluhan ng mga apektadong sektor: ang mga establishment at stall owner, vendor, at bus operator.

**Health**

# 25 Pasyente, Naka-schedule for Free Optical Operation sa Tzu Chi Eye Center



**Noong January 30, bilang parte ng Medical Mission 2023, sinamahan ng mga Rural Health Unit nurses ang 32 pasyente na nagpalista for eye operation sa Tzu Chi Eye Center sa Sta. Mesa, Manila, para sa laboratory, X-ray, at iba pang medical requirements bago maoperahan.**

Sa 32 na pasyente, 25 ang nakatakda para sa libreng operasyon sa Pebrero 8: 3 para sa pterygium at 22 para sa cataract. Ang mga hindi napasama sa operasyon ay kinailangan pa na under observation at for follow-up matapos ang isang buwan.

Requirement din sa mga pasyente na maging fully vaccinated at updated ang PhilHealth account.

Iniscreen ang mga pasyente ni Dr. Antonio Say, isang opthalmologist, na siya ring Presidente ng Tzu Chi Medical Foundation. (Si G. Alfredo Li naman ang tumatayong CEO ng naturang Foundation.)

Naroon upang mag-assist sa mga pasyente sa Tzu Chi Eye Center sina Dra. Zita Yorro at Dr. Dionisio Yorro, kasama ang mga RHU nurses na sina Mark Darius P. Gragasin (RHU 1), Josephine Aquino (RHU 2) at Mira Joy Rebamontan (RHU 3).

# Gabi ng Pasasalamat para sa mga Volunteers ng Medical Mission




**Kinagabihan ng January 26, nagsagawa ng isang espesyal na programa ang LGU-Bayambang upang magpasalamat sa lahat ng nagbigay ng oras at suporta sa ginanap na Medical-Dental-Optical-Surgical Mission noong nakaraang linggo kung saan natulungan ang 5,733 na Bayambangueño. Ang send-off party ay ginanap sa Kabaleyan Cove Resort, San Carlos City.**

# Medical Tool Product Demo




**Noong January 18, nagproduct demo ang isang vendor para sa isang portable medical tool, ang Garea Medical Physiological Monitor, salamat sa tulong ng kaibigan ni Mayor Niña Jose-Quiambao na si G. Anton Magsaysay sa pakikipag-tulungan ng Kasama Kita sa Barangay Foundation at Niña Cares Foundation.**

Ang product demo ay ginanap sa Niña's Cafe kasama ang BRPAT at ilang RHU personnel.

Ang portable monitor ay ginagamit upang madaliang madiagnose ang electrocardiogram o ECG, heart rate, blood pressure, oxygen saturation, at pulse rate ng isang pasyente.

Ito ay nagkakahalaga ng P1.8M at nakatakdang gamitin sa mga medical mission at tuwing mag-iikot ang Komprehensibong Serbisyo sa Bayan ng LGU.

# PSU Nursing Students at RHU Staff, Umattend ng Libreng CME Seminar






**Bilang parte ng Medical Mission na pinangunahan ng Memphis Outreach Group at UST Medical Alumni Association, naghatid ng libreng Continuing Medical Education Seminar ang mga naturang grupo sa tulong ng BPRAT at Tourism Office, at ito ay nilahukan ng mga PSU-Bayambang students mula sa College of Nursing at mga staff ng Rural Health Unit I. Ang nasabing seminar ay ginanap kinagabihan ng January 24 at 25 sa Niña's Cafe, kung saan nagsilbing speakers sina Dr. Susan Nuñez, Dr. Dionisio Yorro, Dr. Alfonso Q. Estrada, at ang nurse na si Elena dela Cruz.**

## Engineering Projects

# JKQ Hospital Update




KASAMA KITA SA BARANGAY FOUNDATION

# KKSBFI, Nagdi-drilling ng Water Source para sa Slaughterhouse



**Kasalukuyang nagdri-drill ng water source para sa Municipal Slaughterhouse ang engineer ng Kasama Kita sa Barangay Foundation. Ito ay upang makapag-operate ng maayos ang nasabing pasilidad ng LGU na nasa Brgy. Telbang, dahil sa kasalukuyan ay kailangan pang umigib ng Slaughterhouse ng mapagkukunang sapat na tubig.**

# 2 Bagong PRDP Infra Projects, Inaapplyan ng LGU



**Sa isang meeting ukol sa Philippine Rural Development Program ng Department of Agriculture, in-update ng DA-PRDP Regional Project Coordination Office 1 at Municipal Program Management Implementing Unit ang LGU ukol sa latest status ng Pantol to San Gabriel 2nd Farm-to-Market Road with Two Bridges project sa ilalim ng PRDP at ang dalawang adisyunal na proyekto na inaapplyan ng LGU-Bayambang, ang Bayambang Cold Storage for Onion project at the Multi-Commodity Trading Post/Auction Market project.**

Ginanap ang nasabing pulong noong January 27 sa Mayor's Conference Room.

# Proposed Redesign para sa Municipal Plaza at Public Market, Iprinisenta

**Noong January 18, iprinisenta kay Mayor Niña Jose-Quiambao ang proposal ng grupo ni Architect Marie Denise Ursua Abella para sa renovation ng Municipal Plaza at parte ng Public Market. Plano ni Mayor Niña at ni Special Assistant to the Mayor (SATOM), Dr. Cezar Quiambao, na mas pagandahin pa at gawing mas maaliwalas ang mga naturang pasilidad sa sentro ng bayan upang mas lalong pakinabangan at maipagmalaki ng mga Bayambangueño.**

Ang pulong ay ginanap sa Mayor's Conference Room.



Agriculture

# 2,424 Packs ng Soil Ameliorant, Ipinamahagi




**Noong January 23, namahagi ang Municipal Agriculture Office ng soil conditioner o soil ameliorant sa mga rice farmers, at ito ay ginanap sa Municipal Warehouse sa Brgy. Telbang.**

Kabilang dito ang 720 packs ng Biozome, 1,019 packs ng Humi (K), at 685 packs ng Xplorer Glory.

Ang mga ito ay paghahati-hatian ng mga rice farmers na hindi nakatanggap ng fertilizer voucher noong nakaraang Wet Season 2022.

# Sabayang Pagtanim ng Gulayan, Isinagawa sa 77 Barangays





**Sabay-sabay na gumawa ng tanimang gulayan ang 77 na barangay sa Bayambang noong January 24, sa pagtutulungan ng Municipal Agriculture Office, Municipal Nutrition Action Office, at mga barangay council, at sa gabay ng MLGOO. Ito ay alinsunod sa DILG Memorandum Circular 2023-001.**

Ang mandatory implementation ng Halina't Magtanim ng Prutas at Gulay o HAPAG sa Barangay Project kada barangay ay naglalayong magkaroon ng sustainable nutritious food source ang lahat ng barangay at upang maging self-sufficient sa mapagkukunan ng pagkaing pang-araw-araw.

# PhilRice, Nakipagdayalogo sa E-Agro

**Noong January 26, nagpunta ang executives ng E-Agro sa PhilRice Central Experiment Station ng Department of Agriculture sa Muñoz, Nueva Ecija, kasama ang BPRAT at Agriculture Office, upang talakayin ang MOA para sa paggamit ng PhilRice sa E-Agro bilang isang technology channel upang ang mga magsasaka ng palay ay mas mapaigting ang kaalaman tungkol sa wastong pag-aalaga sa palay hanggang sa pagbenta ng produkto sa merkado.**


Tinalakay din sa pulong ang programang RiceBIS 2.0 na ang pakay ay magtatag ng isa pang RiceBIS Community sa Brgy. Pantol at mapalakas ang marketing aspect ng mga RiceBIS Community sa Bayambang.

Naroon ang mga opisyal ng E-Agro na sina Jorge Yulo at Maricel San Pedro, BPRAT Focal Person on Agricultural Modernization Bernabe Mercado Jr., Agriculture Consultant Artemio Buezon, at MAO technician Jordan B. Junio.

Sa hanay naman ng PhilRice, naroon sina Deputy Executive Director for Development Dr. Karen Eloisa T. Barroga; DevCom Division Head, Dr. Diadem G. Esmero; Supervising Science Research Specialist Joel Pascual; at Science Research Analysts Emmekar Antolin at Samuel Reyes.







# Validation of Fuel Subsidy Benefits

**Dumating noong January 27 ang Commission on Audit at Department of Agriculture Region 1 upang mag-validate ng mga naging benepisyaryo ng fuel subsidy na ipinamahagi kamakailan ng Municipal Agriculture Office.**

**Social Services**

## Bountiful Children's Foundation, Nag-feeding Activity sa Inirangan

Noong January 28, muling nagsagawa ng isang feeding activity ang Bountiful Children's Foundation Philippines sa Bayambang, sa pakikipag-ugnayan sa Municipal Nutrition Action Office. Sila ay nagtungo sa Brgy. Inirangan, kung saan 15 indigent malnourished children ang nabiyayaan ng mga masustansyang pagkain na donasyon ng Foundation.






## CSOs, Nagsama-sama para sa Tamaro Outreach

Noong January 22, nagsagawa ang ilang civil society organizations (CSOs) ng libreng blood sugar screening na may kasamang libreng bitamina, monitoring ng blood pressure, feeding program, SIM card registration, at libreng ukay na damit sa Barangay Tamaro Multipurpose Hall para sa mga residente ng Barangay Tamaro. Ito ay pinagsamang proyekto ng Bayambang Bayanihan Lions Club, Rotary Club of Bayambang, at Junio family, kasama ang Rotaract Bayambang at Bayambang Maaro Leo Club, pati na ang PNP-Bayambang.

## Isang Wheelchair, Idinonate sa Senior Citizen

Noong January 9, nagturn-over ang opisina ni Mayor Niña Jose-Quiambao ng isang wheelchair para sa isang 74-year old na residente ng Brgy. Manambong Sur sa pamamagitan ng ating Stimulation Therapy Activity Center. Ito ay matapos magrequest sa opisina ni Mayor Niña ang nasabing pasyente matapos madulas noong Nobyembre at hindi makalakad.



**Livelihood & Employment**

# Citi Hardware Bayambang Recruitment, Dinagsa




**Dinagsa ng mga job applicants ang special recruitment activity na inorganisa ng Municipal Public Employment Services Office (MESO) sa Aguinaldo Hall ng Balon Bayambang Events Center, kung saan ang Citi Hardware Bayambang ang naging recruiter.**

Ayon kay OIC MES Officer Gernalyn Santos, sa unang araw, Disyembre 10, ay mayroong mahigit na 300 applicants. Nagtapos ang recruitment activity sa Biyernes, Disyembre 13

# Congresswoman Arenas, Muling Dumating para sa TUPAD




**Muling nag-organisa ang Municipal Employment Services Office ng isang pay-out activity para sa 2,973 benepisyaryo ng TUPAD o Tulong Panghanapbuhay sa Ating Dis-advantaged / Displaced Workers, gamit ang pondo ng opisina ni Congresswoman Rachel 'Baby' Arenas, na personal na bumisita sa nasabing aktibidad.**

Kabilang sa mga beneficiaries ang mga farmers, LGBTQI community members, at sari-sari store owners.

Ang pay-out ay isinagawa sa Brgy. Alinggan Covered Court mula January 18 hanggang January 19.

Peace & Order

# First Aid Medical Items, Idinonate sa BPSO



**Noong ika-5 ng Enero, isang Bayambangueño ang nagpamahagi ng mga medical item for first aid para sa mga lay rescuer ng Bayambang Public Safety Office (BPSO). Siya ay si G. Floro T. de Vera Jr., isang registered nurse at miyembro ng isang Emergency Medical Technician at Paramedic group sa bansang Qatar.**

Dahil dito, siya ay inanyayahan na rin ni BPSO Chief, Ret. Col. Leonardo Solomon, upang magbigay ng kaalaman sa paggamit ng mga medical item upang maayos itong magagamit mga miyembro ng BPSO Rescue Team at iba pang dagdag kaalaman sa first aid. Ang kanyang demo session ay umabot ng kalahating araw.

Kabilang sa kanyang ipinamahagi ay mga blast bandage, multi-trauma dressing, burnshield, Guedel airway, shapeable splint, pelvic sling, medical bag, ChitoGauze, wound splint kit, tactical torniquet, triangular bandage, dis-infectant and cleaning wipes, nurse clipboard organizer, instant hot pack, at instant ice pack.

(*mula sa pahina 1*)

## BDH's New Operating Room,Renovated and Expanded

BDH's OR is now the biggest and the most equipped OR in the province.

The project was made possible through the efforts of the LGU-Bayambang, Kasama Kita sa Barangay Foundation, Niña Cares Foundation, and the Pangasinan provincial government.

The newly renovated OR will be used for the first time by Pangasinenses who have registered for various major surgeries in the medical mission slated from January 23 to 27, with Memphis Outreach Group (USA) and the University of Santo Tomas Medical Alumni Association rendering the various services for free.



## 5,733 Pasyente, Tumanggap ng Free Medical Services Worth P11.4M

Ang LGU-Bayambang ay lubos na nagpapasalamat sa mga pasimuno ng naturang Medical Mission: ang lola ni Mayor Niña Jose-Quiambao na si Dr. Zita Yorro at lolo na si Dr. Dionisio Yorro, kasama ang kanilang mga kapwa miyem-brong duktor at medical professionals sa Memphis Outreach Group (galing pang Amerika) at UST Medical Alumni Association, gayundin ang mga miyembro ng Philippine Dental Association - Pangasinan Chapter, pamunuan at staff ng Bayambang District Hospital, Kasama Kita sa Barangay Foundation, Inc. sa pamumuno ni SATOM, Dr. Cezar T. Quiambao, Niña Cares Foundation, ang Provincial Government sa pamumuno ni Governor Ramon Guico III.

Maraming salamat din siyempre sa lahat ng mga empleyado ng LGU at lahat ng PSU nursing students at iba pang volunteers sa sipag at tiyaga sa paglilingkod sa Medical Mission sa loob ng limang araw.

**Disaster Resiliency**

# 500-kg Bigas para sa Romulo Bridge Volunteers, Ipinamahagi

**Nagbigay ng 10 kaban ng bigas (50 kg each) si Gov. Ramon "Monmon" Guico III sa opisina ng MDRRMC upang ipamahagi para sa mga frontliner ng Carlos P. Romulo Bridge emergency operations.**

Sa inisyatibo ng MDRRMO, hinati-hati sa 1-4 kilos ang 500 kilong bigas para sa 246 volunteers na nagbigay ng serbisyo para sa bayan noong kasagsagan ng pagguho ng bahagi ng Carlos P. Romulo Bridge noong ika-20 ng Oktubre hanggang 8 ng Nobyembre taong 2022.

Ang mga benepisyaryo ay mga taga-Engineering, GSO, Motorpool, BPSO, MDRRMO, LGU transport group, Community Investigative Support (CIS), at Reaction 166.




**Environmental Protection**

# 500-kg Bigas para sa Romulo Bridge Volunteers, Ipinamahagi




**Muling nagwagi ang Brgy. Inirangan bilang pinakamalinis na barangay ng Bayambang sa latest evaluation ng Bali-Balin Bayambang team para sa buwan ng Disyembre 2022.**

Sa pagkakataong ito, binago ang mechanics ng contest upang ang bawat distrito ay may winner kada buwan, bukod sa pagkakaroon ng monthly grand winner. Ang bawat district winner ay nagwagi ng P10,000, at ang grand winner ay nanalo ng P25,000.

Narito ang mga nagwagi, ayon sa anunsyo ni MENRO Joseph Anthony F. Quinto. District 1 - Ambayat 1st; District 2 - Manambong Parte

District 3 – Sancagulis; District 4 – Hermoza; District 5 – Inirangan; District 6 - Tococ East; District 7 – Bani; District 8 – Mangayao; District 9 - Poblacion Sur; at Grand Winner – Inirangan.

Ang mga cash prize ay donasyon ni Special Assistant to the Mayor, Dr. Cezar T. Quiambao, at Mayor Niña Jose-Quiambao.

# Oplan Kandado, Inilunsad




**Noong January 18, inilunsad ng LGU ang Oplan Kandado, ang pagpapasara sa mga puwesto ng mga market stall owners na matagal nang hindi nakakapagbayad ng renta. Ang kautusan ay ipinatupad sa pagtutulungan ng Special Economic Enterprise, Market Office, PNP, Engineering, Treasury, BFP, BPSO, at ilang Zone 1 barangay officials.**

Sinimulan ang pagpapadlock ng stall ng 26 delinquent stall owners sa tatlong lugar sa bayan: ang Bayambang Commercial Strip, Public Market Block 2 (sa silong ng Royal Supermarket), at Public Market Block 3 (sa taas ng Magic Supermarket).

Ang operasyong ito ay alinsunod sa Market Code at Revenue Code kung saan ang sinumang hindi makapagbayad ng renta sa unang sampung araw kada buwan ay awtomatikong mawawalan ng karapatang umukopa sa nirerentahang stall.

Pinaalalahanan ang lahat ng mga negosyanteng mayroong puwesto sa bayan sa kanilang tungkulin na magbayad ng market fees. Ang nalilikom na pondo mula rito ay ginagamit ng LGU sa operasyon nito at sa pagpapaunlad ng bayan.

Sa Oplan Kandado, mabibigyan din ng pagkakataon ang iba pang mamumuhunan na magkaroon ng sariling puwesto.

**BAYAMBANG**
**EMERGENCY HOTLINE**
**Globe & TM 633-2977**
**Smart/Sun/Talk&Text #4357**




Balon Bayambang
The official newsletter of the Municipality of Bayambang
This is published, printed and distributed every month to give updated news and current events for the people of Bayambang.
**This newsletter is not for sale.**

**Bayambang Public Information & Media Affairs Office**
**Balon Bayambang Newsletter**
**Editorial Board:**
Dr. Leticia B. Ursua (Executive Editor)
Resty S. Odon (Editor)
Patricia M. Espino (Managing Editor)
Vernaliza M. Ferrer
Sheina Mae U. Gravidez
Diadema I. Martinez
Ara Joyce S. Bato
Ray Hope O. Bancolita
(Reporters)
Jojo Casanova (Graphic Designer/Layout)
Jayvee M. Baltazar (Photographer/Sportswriter)
Eduardo P. Sison II (Circulation Manager)
Xerxesh Gloria (Staff Assistant)
Atty. Rodelynn Rajini Sagarino-Vidad (Consultant)
Dr. Rafael L. Saygo (Head, Municipal Tourism, Information, & Cultural Affairs Office) (Consultant)